# MGA DAPAT MALAMAN TUNGKOL SA

# LINDOL





PHILIPPINE PEDIATRIC SOCIETY
1947

# Ano ang lindol?

- **Biglaang pagyanig ng lupa**
- **Dala ito ng paggalaw ng lupa o dahil sa aksyon ng bulkan.**





# Nalalaman ba kung may darating na lindol?

- **Hindi**

- **Wala pang sapat na instrumento o kaalaman ang maaaring makapagsabi kung kailan darating ang lindol.**






- **Lahat ba ng lugar sa Pilipinas ay maaaring makaranas ng lindol?**
- **May lugar ba sa Pilipinas na hindi maaring magkaroon ng lindol?**
- **Pareho-pareho ba ang epekto na dulot ng lindol  sa lahat ng mga lugar?**

# Gaano ba katagal ang lindol?

- Tumatagal mula ilang segundo hanggang ilang minuto at maaari pang sundan ng ilang pagyanig.
- Kadalasan nagtatagal ito ng mga 30-60 segundo.

# GAWAIN

## **Gaano katagal ang lindol?**



# Ano ang mga mararamdaman kapag may lindol?



# Kapag may lindol…



- **Maaaring mahinang pagyanig lang sa simula**
- **Kapuna-puna ang paggalaw ng mga naka-sabit na mga halaman, ilaw o lampara**
- **Maririnig  ang tunog na dala ng pagkakalog ng mga bagay na nasa loob ng  kabinet**

# Kapag may lindol…



- **Mahihirapan kang gumalaw o makatayo upang lumipat sa isang pwesto o lugar ng walang kinakapitan.**


**Kadalasan, ang pinsala sa tao dulot ng lindol ay dala ng pagbagsak ng mga bagay, pader o gusali sa mga tao**

# Paano sinusukat ang lindol?

- **Nasusukat ito sa pamamagitan ng nararamdaman at nakita ng tao na mga pangyayari**



- **Nasusukat din ito gamit ang isang instrumento**



| | Ano ang mararamdaman mo? |
|---|---|
| Mahinang lindol | • Wala. Nasukat lamang ng instumento<br>• Maaring hindi maramdaman ng iba<br>• Paggalaw ng mga nakasabit na bagay<br>• Mararamdaman ng taong nakahiga sa itaas ng bahay |
| Bahagyang malakas na lindol | • Mararamdaman ng karamihan sa loob at labas ng gusali<br>• Mahirap tumayo at lumakad<br>• Paghapay ng matataas na bagay |
| Malakas na lindol | • Pagka-sira ng mga pader, mahirap magpatakbo sasakyan<br>• Pag-buka ng lupa, pag-urong ng mga gusali sa kinalalagyan |
| Pinakamalakas na lindol | • Pagkasira ng mga tulay, pag-bitak ng lupa, paguho ng mga gusali<br>• Paglipad ng mga gamit , paguho ng lupa at may matataas na alon papunta sa kalupaan. |

# GAWAIN

## Malakas ba ang LINDOL na ito?









# GAWAIN

## Malakas ba ang Lindol na ito?









# GAWAIN

**Hanapin natin ang mga bagay at lugar dito sa ating paaralan na makakapinsala kapag may lindol…**





# GAWAIN

# EARTHQUAKE DRILL SA PAARALAN…




# EARTHQUAKE DRILL sa PAARALAN

- **Ano ang ibig sabihin kapag nag-"alarm" o tumunog ang "bell"?**

- **Ano ang dapat gawin kapag narinig ito?**


DROP
COVER
HOLD


DROP
COVER
HOLD

# EARTHQUAKE DRILL sa PAARALAN

- **Ano ang dapat mong dalhin palabas ng classroom?**

- **Saan ang daan mo palabas?**

# EARTHQUAKE DRILL sa PAARALAN

- **Ano ang mga dapat mong iwasan sa iyong paglabas?**

- **Ano ang iyong gagawin kapag lumindol uli habang lumalabas ka pa lang ng gusali?**

# EARTHQUAKE DRILL sa PAARALAN

- **Ano ang iyong dapat gawin kapag nasa labas ka na?**


- **Ano ang gagawin ni titser kapag nasa labas na kayo?**

# Ano ang mga dapat gawin kapag lumilindol?



# Kung kayo ay nasa loob ng gusali o bahay

- **Sumilong o kumubli sa matitibay na bagay ( ilalim ng mesa, kama o sopa).**
- **Maging mahinahon.**



# Kung nasa labas ng gusali o bahay:

- **Sumilong sa isang nakaparadang sasakyan o anumang malaki at matibay na bagay.**

- **Kung hindi kaagad makasilong, magtago sa isang lugar na papalayo sa mataas na gusali, upang maiwasan ang mga bagay na maaaring bumagsak o mahulog.**



# Kung nasa labas ng gusali o bahay:

- **Umiwas sa mapapatid na kawad ng koryente, sa mga babagsak na poste o bagay.**

- **Maging mahinahon.**



# Kung nasa loob ng sasakyan:

- **Sa mabundok na lugar, Ihinto ang sasakyan sa lugar na malayo sa gilid ng bangin o matarik na lugar na maaaring magkaroon ng pagguho ng lupa.**

- **Huwag aalis sa sasakyan.**

- **Manatiling mahinahon.**



# Pagkatapos ng unang pagyanig, ano ang mga dapat gawin?




# Kung nasa loob ng bahay o gusali:

- **Marahang lumabas sa kinalalagyang lugar**
- **Isara ang daloy ng kuryente at isara ang tangke ng gas**
- **Huwag gumamit ng posporo kung inaakalang sumisingaw ang tangke ng gas**
- **Mag-ipon ng tubig sa mga sisidlang may takip**
- **Makinig sa radyo o telebisyon ukol sa balita sa lindol**
- **Manatiling mahinahon**




# Kapag kayo ay nasa loob ng sasakyan:

- Marahang paandarin ang sasakyan at iwasan ang mga:
  - Daan na malapit sa gumuhong lupa
  - Bitak na kalye
  - Napinsalang gusali
  - Bumagsak na poste
  - Napatid na kawad ng koryente.
- Manatiling mahinahon.



# MGA DAPAT GAWIN KUNG MAY LINDOL

MALI　　　　　　　　TAMA




PHILIPPINE PEDIATRIC SOCIETY 1947

# MGA PAALALA PARA SA KALIGTASAN NG LAHAT KUNG MAY LINDOL



# REFERENCES


- Earthquake Safety Activities for Children and Teachers. Federal Emergency Management Agency (FEMA) 527, August 2005

- Earthquakes. Brochure by the Philippine Information Agency, 2000



# MARAMING SALAMAT SA INYONG PAKIKINIG!